

TOWERGANICS: MASAYA AT MADALING PARAAN NG PAGSASAKA*

Maraming matututunan ang mga kalahok tungkol sa vertical farming sa pamamagitan ng pagbasa sa komprehensibong sipi. Sa pagtatapos, masasagot nila ang mga tanong na kasunod ng sipi.

Pagbabago ng Klima

Oras na Kailangan

30 minuto

Hirap

Katamtaman

Mga Kagamitan

Panulat, papel, mga pangkulan (opsyonal)

*Ginawa ang aktibidad na ito bilang karugtong ng pag-aaral na konektado sa **Towerganics** Limitless Project.

Mga tagubilin

- **Unang Hakbang**
 - Sa patnubay ng guro o nakatatanda, maaaring sundin ang mga hakbang na ito
- **Ikalawang Hakbang**
 - Print the comprehensive passage and questions on a paper and distribute to the students
- **Ikatlong Hakbang**
 - Start the test at a specific time
- **Ikaapat na Hakbang**
 - Do not allow discussion during the test
- **Ikalimang Hakbang**
 - Take the answer paper back after the end of the test period
- **Ikaanim na Hakbang**
 - Evaluate the papers and display the pictures made by the students in the classroom



TOWERGANICS: MASAYA AT MADALING PARAAN NG PAGSASAKA

Daanan

Sa Nepal na isang umuunlad na bansa sa Timog Asya, mahigit 85% ng mga inaangkat na pesticide ang paulit-ulit at walang ingat na ginagamit sa mga gulay nang hindi nalalaman ang aktibong sangkap. (Sharma atbp., 2015) Ipinapakonsumo sa mga nakatira sa mga lungsod ang mga gulay na tuyot at puno ng kemikal na dinadala mula sa mga lugar na may layong daan-daang kilometro. Sa pamamagitan ng pagtatanim ng sarili mong mga halamang-gamot at gulay sa mga magagamit nang espasyo sa bahay, makakakuha ka ng mga sariwa, organiko, masustansya, at abot-kayang ani para sa iyong pamilya. Ang Towerganics ay isang inobasyong naaayon sa teknolohiya ng ika-21 siglo na walang ginagamit na lupa at pesticide, gumagamit ng tubig na mas kaunti nang 90% kumpara sa mga karaniwang paraan ng pagsasaka, at nagpapatubo ng mga gulay nang 3 beses na mas mabilis kumpara sa pagpapatubo sa lupa. Ginagamit nito ang prinsipyo ng aeroponics na nangangahulugang “kumilos sa ere.” Nakabitin sa ere ang mga halaman habang may nagbobomba ng tubig at nutrisyon pataas at tumatama sa mga nakalawit na ugat. Puwedeng mag-alaga ang mga nakatira sa lungsod ng sarili nilang mga organikong halamang-gamot at gulay gamit ang inobasyong ito na madali at mapapagana sa pamamagitan lang ng pagbukas ng switch. Oo, tama ang nabasa mo! SA PAMAMAGITAN LANG NG PAGBUKAS NG SWITCH. Matagal nang itinuturing na malakas kumonsumo ng enerhiya ang pagsasaka. Kapag hiniling sa iyong mag-isip ng magsasaka, tiyak na maiisip mo ang isang tao na nakasuot ng sombrero at overalls na nakayukong nagtatanim sa lupa ng halaman o iba pang katulad noon. Gayunpaman, sa Towerganics, maaari ka ring maging magsasaka. Isang modernong magsasaka, siyempre!

Mga Tanong

- Ano ang batayang prinsipyo ng Towerganics?
- Ano ang mapapalaki sa pamamagitan ng Towerganics?
- Ano ang mga pakinabang ng paggamit ng Towerganics sa pagsasaka kumpara sa pagsasaka sa lupa?
- Ano ang ibig sabihin ng mga pesticide?
- Gumawa ng sketch ng paraan ng pagsasaka ng Towerganics gamit ang mga paborito mong gulay na tumutubo roon, kunan iyon ng larawan, at ipadala iyon sa towerganics@gmail.com. (Hihintayin namin ang mga larawan.)

